HAWAIʻI PACIFIC HEALTH | KAPIʻOLANI PALI MOMI STRAUB WILCOX

CREATING A HEALTHIER HAWAIʻI

# May karapatan kang makatanggap ng “Good Faith Estimate” na nagpapaliwanag kung magkano ang aabutin ng iyong pangangalagang medikal

Sa ilalim ng batas, kailangang bigyan ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga pasyenteng walang insurance o hindi gumagamit ng insurance ng pagtatantya ng bill para sa mga kagamitan at serbisyong medikal.

- May karapatan kang makatanggap, at maging humiling, ng Good Faith Estimate para sa kabuuang halagang aabutin ng anumang kagamitan o serbisyong hindi pang-emergency. Kasama rito ang mga nauugnay na gastusin tulad ng mga pagsusuring medikal, mga inireresetang gamot, kagamitan, at mga bayarin sa ospital.
- Tiyaking bibigyan ka ng iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng Good Faith Estimate sa pamamagitan ng pagsulat nang hindi bababa sa isang (1) araw ng negosyo bago ibigay ang iyong serbisyo o kagamitang medikal, kung naiskedyul ang serbisyo nang hindi bababa sa tatlong (3) araw bago ito ibigay.
- Kung makatanggap ka ng bill na mas malaki nang hindi bababa sa $400 kaysa sa iyong Good Faith Estimate, maaari mong i-dispute ang bill.
- Tiyaking magtabi ng kopya o larawan ng iyong Good Faith Estimate.

Para sa mga tanong o higit pang impormasyon tungkol sa iyong karapatang makakuha ng Good Faith Estimate, bisitahin ang www.cms.gov/nosurprises o tumawag sa (800) 985-3059.

**TAGALOG**